Ano ang isip ng mga taong nag-aangat ng mga paningin nila sa langit sa pagdarasal nila?" Tumindi ang sabi niya kaugnay roon hanggang sa nagsabi siya: "Talaga ngang titigil sila roon o talaga ngang hahablutin ang mga paningin nila."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ano ang isip ng mga taong nag-aangat ng mga paningin nila sa langit sa pagdarasal nila?" Tumindi ang sabi niya kaugnay roon hanggang sa nagsabi siya: "Talaga ngang titigil sila roon o talaga ngang hahablutin ang mga paningin nila."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga taong nag-aangat ng mga paningin nila sa langit sa pagdarasal sa sandali ng pagdalangin o iba pa rito? Pagkatapos tumindi ang pagsawata niya at pagbabanta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang gumagawa niyon na siya ay natatakot para sa mga paningin nila na hablutin ang mga ito mula sa kanila at kunin ang mga ito nang may kabilisan sa punto na hindi sila makararamdam kundi nang nawalan na sila ng biyaya ng paningin.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10883